



# UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalaing ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVIII BILANG 2

ABRIL - HUNYO 2020

## Proyekto ng STAARRDEC, ibinaba sa LGU-Alfonso

Ibinaba sa lokal na pamahalaan ng Alfonso, Cavite ang isang proyekto ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC) na pinamagatang "Pagpapayabong ng mga Produktong Agrikultura: Sagot ng STAARRDEC laban sa COVID-19" na pinondohan ng Department of Science & Technology – Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD) ang Ang oryentasyon tungkol sa proyekto ay ginanap noong Hunyo 25 kasama ang mga magsasaka sa bukid ni Gng. Aurora Romero, isang *farmer leader*, na matatagpuan sa Brgy. Pajo, Alfonso, Cavite. Isinakatuparan ang nasabing gawain sa



Paglalathad ng mga detalye ng proyekto sa mga opisyal at magsasaka ng Alfonso

pakikipag-ugnayan ng Cavite State University - Extension Services Center (CvSU-ESC) sa tanggapan ng Municipal Agriculturist at Farmers' Sundan sa p. 6

## DA, BPI, nagbigay ng butong pananim sa CvSU

Malugod na tinanggap ng Cavite State University - Extension Services Center (CvSU-ESC) ang mga butong pananim mula kay G. Felix Joselito H. Noceda, opisyal ng Agricultural Program Coordinating Office (APCO), bilang kinatawan ni G. Red Arnel De Mesa ng DA-CALABARZON noong Mayo 27. Kabilang sa kinatawan ng CvSU sina Dr. Ruel M. Mojica, VP ng Research and Extension, Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ESC, at G. Rodrigo H. Diloy, *head* ng TDF.

Ilan sa mga butong ibinigay ay kangkong, kalabasa, letsugas, petsay, okra, sitaw, mustasa, sili at *hybrid* na



Mga binhing ipinagkaloob ng DA-CALABARZON

kamatis, talong at ampalaya. Ang hakbang na ito ay kaugnay ng "Plant, Plant, Plant Program" o "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Laban sa COVID-19" ng DA.

Sundan sa p. 2



### Mga Nilalaman

|                                                                    |   |
|--------------------------------------------------------------------|---|
| "Adopt-a-Barangay" para sa gulayan, sinimulan .....                | 2 |
| FITS Tanza, patuloy sa pagtulong sa gitna ng pandemya .....        | 3 |
| CvSU, inilunsad ang kampanya sa pagtatanim .....                   | 4 |
| Mga frontliner sa TDF, patuloy ang serbisyo .....                  | 4 |
| CvSU-Bacoar, nagsagawa ng mga programa kontra COVID-19 .....       | 5 |
| FITS Bacoar, umagapay sa LGU ..                                    | 6 |
| NCRDEC, namigay ng tulong sa mga Kapamilya .....                   | 7 |
| Corral, nagsilbing tagapagsalita sa mga kababaihan sa Laguna ..... | 7 |
| Proyektong SciCAT, namahagi ng papaya sa frontliners .....         | 8 |

## MGA BALITA

**“Adopt-a-Barangay” para sa gulayan, sinimulan**

Sinimulan ng Extension Services Center (ESC) sa pangunguna ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor, ang proyektong “Adopt-a-Barangay for Vegetable Production”. Ang barangay Mataas na Lupa sa Indang, Cavite ang unang napiling benepisyaryo ng naturang proyekto. Nakipag-ugnayan si G. Rodrigo H. Diloy, *Program Specialist II*, kay G. Camilo R. Lontoc, kapitan ng barangay noong Abril 18 upang mailahad ang mga layunin ng

proyekto na malugod namang tinanggap ng grupo.

Walong sambahayan (*households*) ang lumahok sa nasabing proyekto. Sa tulong ng mga tauhan ng ESC, nagsagawa ng preparasyon ng mga lupa na pagtataniman sa likod ng *barangay hall* at ng mga tahanan. Nagbigay rin ang ESC ng mga butong pananim tulad ng sitaw, upo, kamatis, talong, petsay at mustasa at itinuro ang wastong pag-aalaga ng mga gulay. Makalipas ang dalawang buwan, umani na si G. Roberto Diloy at pitong kasamahan nito ng mustasa, okra, pechay at patola na kanilang ibinenta sa halagang Php 1,915.00 habang ang ilan ay idinagdag sa pagkain ng kani-kanilang mga pamilya.

Ang gawaing ito ay kaugnay ng programang *Plant, Plant, Plant* ng Kagawaran ng Agrikultura. (LCMatel)



Pamimigay ng butong pananim



Paghahanda ng lupang tataniman



Si G. Roberto Diloy habang nag-aani ng petsay sa kanyang backyard garden

## DA, BPI, nagbigay ... mula sa p. 1



Pagtanggap ng mga buto mula sa DA-CALABARZON

Samantala ipinahatid naman ni Dir. George Y. Culaste ng Bureau of Plant Industry (BPI) - Malate sa kanyang mga kinatawan na sina G. Ace C. Pascual at G. Christopher S. Cruz ang mga butong pananim noong Mayo 22. Kanilang ipinagkaloob ang tig-100 pakete ng upo, mustasa, talong, kamatis at sitaw. Unang tumanggap ng mga butong pananim ang walong sambahayan ng Brgy. Mataas na Lupa, Indang, Cavite.

Nagbigay din ng *organic seeds* ang BPI - Los Baños National Crop

Research, Development and Production Support Center (BPI-LBNCRDPSC) na tinanggap ni Gng. Lorna C. Matel.

Ang mga naturang binhi ay gagamitin sa Techno Demo Farm (TDF) samantalang ang iba naman ay ipagkakaloob sa mga sambahayan (*household*) na nangangailangan nito. (JFErsando)



Mga binhing ipinagkaloob ng BPI



## MGA BALITANG TGP

## FITS Tanza, patuloy sa pagtulong sa gitna ng pandemya

Patuloy ang lokal na pamahalaan ng Tanza, sa pangunguna ng Municipal Agriculture Office (MAO) / Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center, sa pagtulong sa mga magsasaka at mangingisda ngayong panahon ng pandemya.

Kasunod sa pagpapatupad ng *Enhanced Community Quarantine* (ECQ) noong Marso 2020 ay ang paglulunsad ng *Plant Plant Plant Program* ng Department of Agriculture (DA) na naglalayong magkaroon ng sapat, ligtas, at murang pagkain ang mga mamamayang Pilipino sa gitna ng banta ng COVID-19. Kaagapay sa pamamahagi ng teknolohiya at libreng binhi ng gulay ang mga *local government unit* (LGU).



Pamamahagi ng mga binhing gulay sa Tanza

Nagtulong-tulong ang mga opisyal ng 41 barangay ng Tanza upang maipamahagi ang kabuoang 192.5 kilo ng okra, petsay, mustasa, kangkong, talong, at kamatis sa 1,297 residente na nagpakita ng interes sa programa ng *urban agriculture*.

Kaagapay ang DA - Agricultural Program Coordinating Office (APCO) ng Cavite at Philippine Reserved Army, pinasimulan ang *Farmers Field School* (FFS) on *Integrated and Diversified Organic Farming System* (IDOFS) sa Camp Riego de Dios, Paradahan, Tanza, Cavite noong Mayo 2020 bilang tugon din sa *Plant Plant Plant Program*. Sa gitna ng pagsasanay, mahigpit pa ring ipinatutupad ang *physical distancing* at pagsusuot ng *face mask*.



Lektura ng FFS on IDOFS sa Campo

Patuloy ring namahagi ang MAO ng 868 na sako ng binhing palay sa 263 magsasakang nakarehistro sa *Registry System for Basic Sectors in Agriculture* (RSBSA) kaugnay ng *Rice Competitiveness Enhancement Program* (RCEF) na inilunsad ng DA noong 2019 upang masiguro ang masaganang ani ng palay at mataas na kita ng mga magsasaka.

Samantala, dalawang magsasaka ang nabigyan ng libreng *hybrid seeds* sa ilalim ng *Expanded Hybrid Rice Production Program* na kasama sa mga programang inilunsad ng DA upang makatulong sa mga



Pagbibigay ng mga binhing palay sa mga barangay

magsasaka. Nakatulong rin sa 286 na magsasaka ang *Rice Farmers Financial Assistance* (RFFA) na tugon sa pagbaba ng presyo ng palay.

Sa inilunsad na *Expanded Sure Aid and Recovery Project* ng DA, 2 magsasaka at 26 na mangingisda ang naaprubahan ang *loan assistance* na nagkakahalaga ng PhP25,000.00 bawat isa.

Ilan sa mga naging abala sa mga nabanggit na proyekto ay sina Gng. Rosalina S. Mojica, MAO/FITS Manager, G. Domingo C. Austria, Technology Service Specialist (TSS) at Gng. Francheska Mari E. Jimenez, Information Service Specialist (ISS).

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang FITS Tanza sa paggabay sa mga gawain ng mga magsasaka, pagrerehistro ng mga bangka, pagtugon sa ilang teknikal na pangangailangan ng mga magsasaka at mangingisda, at pamamahagi ng libreng binhing gulay sa mga residente ng bayan ng Tanza. (FMEJimenez/LCMatel)



# MGA BALITA

## CvSU, inilunsad ang kampanya sa pagtatanim

Patuloy ang panghihikayat ng Cavite State University sa komunidad upang magtanim ng mga gulay sa kanilang bakuran bilang tugon sa pangangailangan sa panahon ng pandemya.

Inilunsad ang "Magtanim upang tayo'y may Anihin" bilang adbokasiya sa pagkakaroon ng "backyard gardens" kaugnay na rin ng programang *Plant Plant Plant* ng pamahalaan. Gamit ang mga letra

ng "M-A-G-T-A-N-I-M", ipinaliwanag sa mga mamamayan ang ilang simpleng hakbang sa pagsisimula ng kanilang taniman. Kinakailangang "Maghanda" ng lupang tataniman na maaaring dagdagan ng *rice hull* at *saw dust*. Dapat na "Alamin" kung aling lagayan o *container* ang angkop sa halamang nais itanim. Makabubuting "Gawing" kapakipakinabang ang mga lumang bag, supot, gulong o iba pang lagayan. Mahalagang "Tandaan" na ang mga gagamiting lagayan ay may sapat na laki para sa mga halaman. Matapos ihanda ang lagayan ay dapat "Alamin" kung anong pananim ang nais

patubuin. "Nangangailangan" ng wastong pagdidilig ang halaman at dapat ding "Ilagay" sa lugar na may sapat na sikat ng araw. Sa huli, pinaalalahanang "Maging" masipag sa pag-aalaga upang masiguradong maayos ang magiging pagtubo hanggang sa pag-ani mula sa taniman.

Naglathala rin ng mga impormasyon at gabay tungkol sa produksyon ng sitaw, talong, okra, kamatis, kalabasa, pipino, repolyo at sili. Ipinaskil ang mga ito sa Facebook page ng Unibersidad upang mabasa ng mas nakararami. (LAAOrsal)

### Magtanim

upang tayo'y may anihin.

**M** Maghanda ng lupang tataniman na maaaring dagdagan ng rice hull at saw dust.

**A** Alamin kung alin sa mga lagayan o container ang angkop sa halamang nais itanim.

**G** Gawing kapakipakinabang ang mga lumang bag o supot, lumang gulong, lumang paso, lata, kawayan o kahoy, galon o bote, lumang timba, atbp.

**T** Tandaan na ang mga gagamiting lagayan ay kinakailangang may sapat na laki para sa mga halaman.

**A** Alamin kung anong pananim ang nais patubuin (petsay, mustasa, letsugas, repolyo, kamote, sibuyas, bawang, karot, labanos, singkamas, sitaw, munggo, kamatis, talong, okra, sili, atbp.) at aralin din ang paraan ng pagtatanim ng mga ito.

**I** Nangangailangan ng wastong pagdidilig ang mga pananim kaya siguraduhing didiligan ang lupa at hindi ang dahon.

**I** Ilagay ang pananim sa lugar na may sapat na sikat ng araw.

**M** Maging masipag sa pag-aalaga upang masiguradong maayos ito mula sa pagpapatubo hanggang sa pagapalaki at pag-ani.

### Magtanim

upang tayo'y may anihin.

#### GABAY SA PRODUKSYON NG KALABASA (Cucurbit maxima)

**Pagpipili ng Lugar:** Pagpipili ng lugar na may sapat na sikat ng araw at hindi naipangyari ng peste.

**Pagpipili ng Lagayan:** Pagpipili ng lagayan na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pananim:** Pagpipili ng pananim na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pagtatanim:** Pagpipili ng pagtatanim na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pag-aalaga:** Pagpipili ng pag-aalaga na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pag-ani:** Pagpipili ng pag-ani na may sapat na laki para sa mga halaman.

### Magtanim

upang tayo'y may anihin.

#### GABAY SA PRODUKSYON NG TALONG (Solanum melongena L.)

**Pagpipili ng Lugar:** Pagpipili ng lugar na may sapat na sikat ng araw at hindi naipangyari ng peste.

**Pagpipili ng Lagayan:** Pagpipili ng lagayan na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pananim:** Pagpipili ng pananim na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pagtatanim:** Pagpipili ng pagtatanim na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pag-aalaga:** Pagpipili ng pag-aalaga na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pag-ani:** Pagpipili ng pag-ani na may sapat na laki para sa mga halaman.

### Magtanim

upang tayo'y may anihin.

#### GABAY SA PRODUKSYON NG BELL PEPPER (Capsicum annuum)

**Pagpipili ng Lugar:** Pagpipili ng lugar na may sapat na sikat ng araw at hindi naipangyari ng peste.

**Pagpipili ng Lagayan:** Pagpipili ng lagayan na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pananim:** Pagpipili ng pananim na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pagtatanim:** Pagpipili ng pagtatanim na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pag-aalaga:** Pagpipili ng pag-aalaga na may sapat na laki para sa mga halaman.

**Pagpipili ng Pag-ani:** Pagpipili ng pag-ani na may sapat na laki para sa mga halaman.

Ilan sa mga gabay sa produksyon ng gulay

## Mga frontliner sa TDF, patuloy ang serbisyo



Ang mga field worker habang naglilinis sa TDF

Sama-samang kumilos ang mga tauhan ng Techno Demo Farm (TDF) ng Extension Services Center (ESC), upang ipagpatuloy ang kanilang mga gawain kasinunod ang mga kaukulang pag-iingat sa kalusugan. Bukod sa pagdidilig at paglilinis, umani rin sila ng iba't ibang klase ng gulay at prutas tulad ng *cauliflower*, sitaw, talong, sili at hinog na papaya na ipinamahagi sa 120 benepisyaryong kinabibilangan ng mga estudyante, guro, gwardiya, at iba pang empleyado ng unibersidad at mga frontliner ng Brgy. Bancod. Samantala, nakapamahagi rin ng 48 kilo mula sa inaalagaang tilapia.

Ang mga stranded na estudyante sa dormitoryo ay tinulungan din sa pagtatanim ng mga gulay sa



## MGA BALITA

## CvSU-Bacoor, nagsagawa ng mga programa kontra COVID-19

Bilang tugon sa hamon na dala ng pandemyang COVID-19, nagsagawa ang Cavite State University - Bacoor City Campus (CvSU-Bacoor) ng inisyatibo na makatulong sa ilang indibidwal, pamilya at negosyo sa lungsod upang labanan ang COVID-19 at epekto nito sa kanilang mga kabuhayan.

Namahagi sila ng 200 kopya ng *leaflets* at *laminated flyers* ng "COVID-19: Clean and Disinfect" sa mga kalapit na establisimyento tulad ng Alfamart, Divimart Bayanan, at 678 Wet & Dry Market, gayundin sa may 2,000 residente ng Brgy. Molino 1, Molino 2, at Molino 6. Ipinalaganap din ang impormasyon sa publiko sa pamamagitan ng *social media*, partikular na sa *Facebook*.

Namahagi din sila ng *relief packs* sa 17 *stranded* nilang estudyante at 11



*utility* at *security personnel*, mula sa nalikom na P15,800.00 na donasyon. Nakapagbigay din sila ng 12 *food packs* sa ilang residente ng Queens Row East mula sa karagdagang donasyon na natanggap. Libreng serbisyo naman ang ipinagkaloob sa 65 miyembro ng COVID-19 *quarantine team* ng Brgy. Mambog IV sa pamamagitan ng pag-layout at pag-edit ng larawan para sa kanilang mga ID. Namahagi rin ang grupo ng 16 na set ng *Zonrox-water* at *salt solution* sa ilang residente ng Perpetual Village 6, Mambog IV, Bacoor City.

Ito ay isinagawa ng mga guro at kawani ng kampus sa pangunguna ni Gng. Menvyluz S. Macalalad, *campus administrator*, para sa kanilang layunin na "fight COVID-19 as one and heal as one". (MLDLamanilao)



Pamamahagi ng relief packs at flyers sa mga tauhan ng CvSU-Bacoor

## Mga frontliner sa TDF ... mula sa p. 4



Ang field workers habang nag-aasikaso ng mga ani sa TDF

bakuran ng kanilang tirahan at binigyan ng abonong kemikal pang-agrikultura tulad ng *urea* at *ammonium potash* para gamitin sa kanilang mga tanim.

Samantala, nagproseso ang College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources (CAFENR) ng masustansyang inumin mula sa *cherry tomatoes* at talbos ng kamote galing sa TDF na ipinamahagi din sa frontliners. (RAAstudillo)



Mga ani na ipinamahaging tulong sa panahon ng ECQ



## MGA BALITANG TGP

## FITS Bacoor, umagapay sa LGU

Kaagapay ng pamahalaang lungsod ng Bacoor ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng City Agriculture Office (CAO) sa mga programang ipinatutupad ngayong taon.

Mula nang pumutok ang unang kaso ng COVID-19 sa Bacoor, nagkaroon agad ng inisyatibo ang FITS Bacoor na magtalaga ng mga "SEABORNE FRONTLINERS" sa katubigang nasasakupan nito. Layon ng mga bantay-dagat na higit pang maipatupad ang ipinaiiral na *Enhanced Community Quarantine* (ECQ) sa Luzon lalo na sa Cavite na malapit sa National Capital Region (NCR). Mahigpit na ipinaliwanag at

ipinabatid ng mga bantay-dagat sa mga *fisherfolk* ang mga alituntunin ng *quarantine*.

Naging malaking hakbang din ng FITS Bacoor ang pamamahagi ng binhi ng gulay na inilagak sa mga barangay *hall*. Gamit ang *social media*, namahagi rin ang FITS Bacoor ng kaalaman tungkol sa tamang pamamaraan, panahon at istilo ng pagtatanim na nagsilbing malaking tulong sa mga nagsisimula pa lamang sa pagtatanim.

Maging sa panahon ng *General Community Quarantine* (GCQ), naniniwala ang mga



Si G. Allan Chua, tagapamahala ng FITS Bacoor habang inaasikaso ang mga kliyente

kawani ng center na malaki ang nagagawa ng pagtutulungan lalo na sa agrikultura dahil "kapag may itinatanim, siguradong mayroong aanihin". (JFCEVillaluz / LCMatel)



Mga bantay-dagat ng Bacoor



Ang mga gulay na ipinamigay ng FITS Bacoor

### Proyekto ng STAARRDEC ... mula sa p. 1

Information and Technology Services (FITS) Center sa pangunguna ni Gng. Eugenia Mojica, FITS *manager*. Dinaluhan ito ng 23 magsasaka, apat na empleyado ng munisipyo ng Alfonso at apat na kawani ng CvSU sa pangunguna ni Dr. Novicio.

Inilahad ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ESC, ang nilalaman ng proyekto gamit ang presentasyon na ginawa ng STAARRDEC. Masusi niyang ipinaliwanag sa mga dumalo ang mahahalagang bagay na may kaugnayan sa proyekto tulad ng layunin nito, gampanin ng bawat kasali dito at ang inaasahang resulta

pagkatapos ng proyekto. Binigyan din ng pagkakataon ang mga nagsidalo na makapagtanong upang higit na mabigyang-linaw ang mga inilahad na bagay ukol sa proyekto.

Ang proyektong ito ng STAARRDEC ay isasagawa sa loob ng pitong buwan, mula Hunyo hanggang Disyembre ngayong taon. Layunin nito na mabigyan ng kapasidad ang mga tao sa komunidad tulad ng Persons with Disability (PWDs), Persons Deprived of Liberty (PDLs), mga nagbalik-probinsya, *evacuees* at iba pang naapektuhan ng COVID-19 upang umani sila ng sarili

nilang pagkain sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga gulay o *urban gardening*.

Kasama ng STAARRDEC sa pagsasagawa ng proyekto ang Consortium Member Institutions (CMIs) tulad ng CvSU, Batangas State University (BatStateU), Laguna State Polytechnic University (LSPU), Southern Luzon State University (SLSU), University of Rizal System (URS), Department of Agriculture-Regional Field Office IV-A (DA-RFO IV-A), Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON, Bureau of Plant Industry-Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center (BPI-LBNCRDPSC), at PCAARRD. (BSAmparo / LCMatel)

## MGA BALITA

NCRDEC, namigay ng tulong sa mga *Kapamilya*

Namigay ng tulong sa mga *kapamilya* ang National Coffee Research Development and Extension Center (NCRDEC) sa pamamagitan ng proyektong *Warm Mugs: An NCRDEC Emergency Relief Drive* na inilunsad ng nasabing opisina noong Abril 1. Layon nitong matulungan ang mga *agency-based worker* at mga *farm worker* na naapektuhan ng ipinatupad na *Enhanced Community Quarantine* (ECQ) laban sa pandemyang bunsod ng COVID-19. Ipinakita rin ng proyekto ang kahalagahan ng bayanihan sa bawat miyembro ng Cavite State University.

Nakakalap ang *Center* ng mahigit PhP 40,000.00 na donasyon mula sa iba't ibang indibidwal. Ang nasabing halaga ay ginamit upang makabili ng



Relief packs na ipinamahagi ng NCRDEC



Ang relief packs ay personal na dinala sa mga benepisyaryo

bigas, de lata at *instant noodles* para sa ayuda na ipinamahagi sa 104 na benepisyaryo sa Indang. Ang ibang benepisyaryo na naninirahan sa labas ng bayan ay nakatanggap naman ng tulong pinansyal.

Ang pamamahagi ng *relief packs* na isinagawa noong Abril 29 ay pinangunahan ng mga empleyado ng Office of the Vice President for Research and Extension (OVPRE). Samantala, namahagi rin ang NCRDEC ng may isandaang pakete ng *Aguinaldo Blend* sa mga pulis sa buong lalawigan bilang pasasalamat. Ang pag-inom ng kape ay makakatulong upang lalo silang maging alerto sa kanilang pagseserbisyo ngayong panahon ng pandemya. (AJLMagcamit)

## Corral, nagsilbing tagapagsalita sa mga kababaihan sa Laguna

Nagsilbing panauhing tagapagsalita si Gng. Mari Daisy O. Corral, *extension coordinator* ng Department of Teacher Education (DTE) ng Cavite State University – Cavite College of Arts and Trade (CvSU-CCAT), sa selebrasyon ng Buwan ng Kababaihan na ginanap sa munisipyo ng Brgy. Dila, Sta. Rosa, Laguna. May temang “Kababaihan, Kabalikatan sa Pag-unlad ng Pamayanan”, ito ay dinaluhan ng mga kababaihang guro, mga nanay at mga kadalagahan ng naturang lugar. Dumalo rin ang mga opisyal ng barangay.

Ibinahagi ni Gng. Corral ang kanyang mga karanasan bilang isang nanay, mamamayan, guro, *artist* at *cultural worker*. Inilahad niya sa mga tagapakinig ang kahalagahan ng gampanin ng isang babae sa lipunan.

“We, the women of the world, can make our dreams come true because we don’t dream for ourselves alone. Instead, we pray for a better world for everyone else breathing on Planet Earth,” pahayag ni Gng. Corral.



Ang presentasyon ni Gng. Corral para sa mga kababaihan ng Dila, Sta. Rosa

Samantala, nabigyan din ng pagkakataon ang mga tagapakinig na maibahagi ang kanilang mga karanasan na nagbigay ng malaking “*twist*” sa kanilang buhay bilang babae at kung papaano nila inaksyunan ang nasabing mga karanasan.

Isang malaking pagpupugay para sa mga kababaihan ang naturang gawain. Nagsilbing tagapagsalita rin sa palatuntunan si Gng. Rowena Pascua, punong guro ng Dila Elementary School. (KJHDeLaCruz)



Si Gng. Corral kasama ang grupo ng kababaihang dumalo sa pagtitipon



## MGA BALITA

Proyektong SciCAT, namahagi ng papaya sa *frontliners*

Namahagi ng papaya sa *frontliners* sa Cavite nitong Abril ang proyektong *Science for Convergence of Agriculture and Tourism* (SciCAT) ng Cavite State University (CvSU), Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD), at Silan's Agri Farm sa Tambo Kulit, Indang, Cavite.

Kabilang sa mga naging benepisyaryo nito ay mga pampubliko at pribadong ospital tulad ng Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH) at Manuel V. Santiago Medical Center (MVSMD) sa Trece Martires City, at Gen. Trias Doctors Medical Center (GTDMC); mga ahensya ng gobyerno sa Indang kagaya ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), Inter-Agency Task Force (IATF) Operations / Admin, Municipal Environment and Natural Resources



Mga bunga ng papaya mula sa Silan's Agri Farm na ipinamahagi sa mga frontliner

Office (MENRO), Philippine National Police (PNP), Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office (MDRRMO), Bureau of Fire Protection (BFP); *traffic enforcers* at mga tauhan ng Indang Public Market; at ilang empleyado ng CvSU - Main Campus.

Sa kabuuan,

nakapamahagi ng mahigit kumulang na 1.24 na toneladang papaya ang proyektong SciCAT sa 571 na magiging na *frontliners*. Ang gawaing ito ay pinangunahan ni Dr. Lilibeth P. Novicio kasama ang mga tauhan ng proyekto at Extension Services Center. (PGCDucusin)

## UGNAYAN

## Tagapamahalang Patnugot

Lady Aileen A. Orsal

## Katulong na Patnugot

Melinda B. Eugenio

## Mga Kontribyutor

Lorna C. Matel  
 Joselito F. Ersando  
 Razelle A. Astudillo  
 Paula Gie C. Ducusin  
 Lady Aileen A. Orsal  
 Bernadette S. Amparo  
 Joshua FC E. Villaluz  
 Kristine Jae H. Dela Cruz  
 Ma. Lourdes D. Lamanilao  
 Francheska Mari E. Jimenez  
 Antonette Jean L. Magcamit

## Mga Editoryal Konsultant

Dr. Ma. Fatima I. Cruzada  
 Dr. Ruel M. Mojica  
 Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal

Knowledge Management Center  
 5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.  
 Cavite State University  
 Indang, Cavite  
 Telepono (046) 4150212



Pamamahagi ng papaya sa ilang sektor ng gobyerno at mga ospital